

CHAPTER One

Allix breathed a sigh of relief as he walked past the sea of people waiting to be cleared by one of the *Immigration* officers, then waited just several minutes to get his medium size luggage from the conveyor. Wala siyang kailangang i-declare at wala rin siyang naging problema pagdaan sa *Customs* kaya dumerecho na siya sa forex counter para papalitan ang natitira niyang dolyar. In another couple of minutes, he was really, truly inhaling Metro Manila air again.

Well, that was kinda fast. Tiningnan niya ang oras sa cellphone. 10:40 ng gabi. Saktong alas diez siya dumating at medyo nanibago sa bilis ng proseso. Terminal 2 looked so much better now, too. And now

he couldn't wait what else have changed.

May buhok pa kaya si Kuya Ador? Last time he spoke to his Lola Lina's trusty driver via *Facebook*, he was complaining about his receding hairline, at the age of forty-five.

Napailing si Callix. Napangiti. Ibinili niya ng vitamin supplements para sa buhok nito si Kuya Ador, pati na bagong sapatos. May pasalubong din ang misis at tatlong anak nito, ang ibang kasambahay ng lola niya at mga empleyado sa organic farm at resort spa na pag-aari nito. Puro pasalubong lang actually ang laman ng kanyang luggage. His backpack only had a few casual shirts, another pair of jeans, some undies and his gadgets.

Eight years na simula nang iwan niya ang Pilipinas at ngayon lang uli siya bumalik para pagbigyan ang pakiusap ng lolang malapit nang magtampo sa kanya. Medyo nagsasawa na rin siya sa routine niya sa Los Angeles kaya hindi na nahirapan ang kanyang mga kapatid at kaanak na kumbinsihin siyang umuwi.

Pero hindi naman ito permanente. He just needed a break, a year-long break as specified by his beloved grandma. Eighty-three na ang huli pero malinaw pa ang mga mata at kaya pang mag-zumba

ayon sa kanyang mga tiyahin. Pero nagtatampo na ang matanda na palaging ito ang pumupunta sa California para dalawin siya. Sa loob ng nakalipas na walong taon, tatlong beses iyong nangyari. Kadalasan, halos kada taon ay ang dalawang ate at ang pamilya ng mga ito ang dumadalaw sa lola niya sa ancestral house nila sa Mariveles, Bataan.

“I swear, Callix, kapag hindi ka pa umuwi, ipapadampot ka na namin sa FBI, patutulugin ka at gigisingin na lang kapag nasa Pilipinas na. Ano pa ba’ng excuse mo? Maawa ka naman kay Lola Lina, gusto ka lang makasama. Nawala na nga si Papa, sinabayyan mo pa ng layas,” naiiling na litanya ng kanyang Ate Carla.

“Hindi naman niya hinihinging doon ka uli tumira. She’s old, Callix. Kahit gaano siya kalakas, sasabihin niyang ready na siyang magpahinga anytime.” Bumuntung-hininga ito. “It sounds morbid but that’s a reality when you’re old, Callix. You’ve had your fun. One year lang ang hinihingi ni Lola,” dagdag ng Ate Kris niya.

Hindi sa ayaw niya, kundi nasanay lang siguro siya sa mabilis, magulo at maingay na buhay sa Los Angeles, kaya may kaunting reservation siya sa pagbabalik sa bansa at pananatili sa probinsya sa

loob ng isang taon. Thankfully, over the past few months, his high school and college friends started demanding for his presence in events for the coming year. Reunions, weddings, alumni homecomings, charity functions and even business openings—hindi na siguro siya gaanong mababagot. A couple of months ago, he started preparing.

Now he's here, and he was actually quite excited. But first, where's Kuya Ador?

Nasa labas na siya ng terminal at nakaharap sa welcoming area sa tapat. Maraming taong naghihintay, at halos lahat ay may hawak na papel, board o karton na may pangalan ng bagong dating. He squinted as he crossed the street, scanned the crowd and the names for his own. He expected Kuya Ador would be shamelessly howling his name right now, but he was not hearing anything.

He looked again, and then, saw it. One-fourth na illustration board iyon, at pula ang ginamit na pintura para isulat ang malaking *K* at *C* sa gitna, at ang *Sanvictores* sa ilalim. KC as in Keegan Callix, that's him.

Lumapit siya at kumaway, lumapit din ang may hawak ng pangalan sa guard sa gilid para masalubong siya. Inaasahan niyang si Kuya Ador

ang makikita, at handa na ang pang-asar niya pero nabitin iyon sa ere nang makita kung sino o ano ang palapit.

Hindi ang lalaki, pero kasintaas siguro. It was a girl—no, a woman. His mind immediately registered her appearance. Siguro 5'4" o 5'5" ang taas nito. Slender, athletic built. Subtle curves underneath her plaid buttondown shirt and skinny jeans that clung to her toned body. Gray sneakers on her feet. Mas mapusyaw sa kayumanggi ang balat, maugat ang mga kamay, hanggang leeg ang medyo kulot na buhok na may side bangs na bagay sa hugis-pusong mukha.

Medyo malalaki ang mga mata nito na derecho ang tingin sa kanya. Her cute button nose scrunched up a bit, as if irritated by something in the cool night air. Sandaling ipinaypay nito ang board sa sarili bago bahagyang ngumiti.

*F*ck that smile!* Hindi iyon welcoming. Ewan kung aware ang babae but that close-lipped smile looked more like she was saying, *'I've seen you naked and I liked what I saw.'* *Sh*t.* Napakurap siya.

“KC, hi. Hindi puwede si Kuya Ador dahil may trangkaso si Ate Vilma,” tukoy nito sa asawa ng driver. “Hindi niya maiwan kaya ako ang pinakiusapan. Ako

lang din kasi ang sanay mag-drive dito sa Manila,” paliwanag ng babae bago iniabot ang kamay. “I’m Nes, assistant ni Lola Lina.”

Ilang segundong nakatitig lang siya bago tuluyang nag-register ang sinabi nito. “Ikaw ang magda-drive?”

Umangat ang isang kilay ng kaharap. “Yes. May problema ba?”

Umiling siya. “Wala, nagulat lang ako. Excited din kasi akong makita si Kuya Ador.” Napatingin siya sa kamay nito. Agad niya iyong hinawakan at marahang pinisil. “And call me Cal. Or Callix.”

Hinila nito ang kamay. “Okay, Callix. Tara na.”

Nauna na itong naglakad papunta sa parking lot. Agad niyang namataan ang *Land Cruiser* ni Lola Lina na bagong bili noong iwan niya ang bansa eight years ago. Mukhang bago pa rin ang sasakyen.

Nes got in and started the engine, then opened the rear door and lights so he could load his luggage. Siya na ang nagsara niyon nang maipasok ang mga gamit, bago lumipat sa front passenger seat.

“Mag-seatbelt ka,” hindi tumitingin sa kanya na sabi nito habang maingat na umaatras palabas sa slot.

Amused na sumunod si Callix. Mahina lang

ang boses ng babae na mababa at medyo paos, pero masarap pakinggan. He normally didn't like being told what to do except in bed, and if Nes ever told him to take off his clothes right now in *that* voice, he would probably oblige, Philippine misdemeanor laws be damned.

At bakit hindi yata niya nabalitaan mula sa mga kapatid at kamag-anak ang tungkol kay Nes? Naaalala niyang nabanggit ng kapatid na may magaling at masipag na assistant ang lola niya na nagsisilbing kanang kamay nito sa pamamahala ng mga negosyo, pero wala na siyang maalalang ibang impormasyon. He just recalled his sisters talking about buying some signature tote bag or dress for said assistant as gifts every time they would visit Lola Lina.

“Bago ka lang ba kay Lola?” usisa ng binata nang makalabas sila sa highway.

Umiling ang katabi. “Nope. Almost seven years na. Pinalitan ko si Nanay.” Sumulyap ito sa kanya. “Anak ako ng dating secretary sa office ni Lola Lina.”

Nangunot ang noo niya bago napatango. “Ah si Tita Maricris, ‘yung kahawig ni Imelda Marcos!” Ngumisi siya. He had fond memories of the woman he would teasingly call *Madame*. “Tapos, naging

assistant siya ni Lola n'ung mag-college ako sa Manila.”

“Tama. Naka-six years din siya halos sa trabahong 'yon bago siya nawala,” dugtong nito habang tutok ang atensyon sa daan.

“Nawala... meaning?”

Bumuntong-hininga ang babae. “Namatay siya seven years ago, na-stroke. Bago iyon, halos one year din niyang ininda ang pagkawala ni Tatay na naaksidente.” Tumingin uli ito sa kanya. “Sorry. Bakit ba ganito ang usapan natin?”

“Huwag kang mag-sorry, ako naman ang nagtanong.” Ilang sandaling natahimik sila pareho bago siya hindi nakatiis. “Thank you for helping my lola.”

She shrugged, but her profile seemed more relaxed now. “Mabait siya, Callix. Sobra. Parang nagkaroon uli ako ng nanay at lola sa kanya.”

And he liked how she said his name. At bakit ba hindi niya maiialis ang tingin dito?

“Gutom ka ba? May gusto kang kainin? Puwede tayong mag-drive thru...”

Umiling siya. “Nah, I'm good. Ikaw, baka gutom ka. Mas kailangan mo ng energy.”

“Kumain na 'ko,” sumulyap uli ang babae sa

kanya. “Puwede kang matulog d’yan kung gusto mo. Hindi mo ‘ko kailangang kausapin.”

“I don’t need to talk to you or you just don’t want me to talk to you?” he smirked.

“I’m just saying you don’t have to talk to keep me awake,” sagot nito. “Natulog ako kaninang hapon at nagkape bago lumuwas. I’m good.”

Minasdan niya ito, bago ini-recline nang bahagya ang kinauupuan at sumandal. “If you say so... Nes,” napaisip siya, “Nes is short for what? Vanessa?”

“Nope. Ernestine.”

His ears perked up. “Ernestine! Interesting.”

“Ernesto ang pangalan ng tatay ko.”

Napangisi si Callix. Obvious na hindi gaanong gusto ng babae na kinakausap ito habang nagmamaneho. Sinagot na agad ang itatanong pa lang niya. “Erning ang nickname niya?”

“Nope, Estong.” Nilingon siya nito. “Hindi ka ba inaantok?”

He was actually a bit sleepy. Ang suwabe kasi nitong magmaneho, nakaka-relax. Ang sexy pa ng boses ng driver... “Nes talaga’ng nickname mo? I thought it would be Tin-Tin or something...”

Hindi ito kumibo.

“But I think Erning is cuter. Parang bagay sa ‘yo.’ Napangisi siya. Ewan kung bakit tuwang-tuwa siya sa naisip. “Can I call you Erning?”

She snorted. “Bahala ka.”

“No, I want you to be okay with it.” Kinalabit niya ito sa braso. Napaigtad ang babae at mahinang napamura. It was probably the sexiest “*Sh*t!*” he had ever heard. “May I call you Erning, please?”

Napabuga ito ng hangin, “Kapag pumayag ba ako, matatahimik ka na at hahayaan mo ‘kong mag-drive hanggang Mariveles nang payapa?”

“Sure. At matutulog pa ‘ko. Promise.” Hindi nawawala ang ngiti, itinaas ni Callix ang isang kamay. “Again, may I call you Erning?”

She let out a longsuffering sigh. They had only known each other for an hour but Callix somehow found that endearing, and comforting. And he did not know why. “Yes,” she hissed. “Yes, you may call me Erning. Okay na? Matutulog ka na, ha?”

Hindi na niya napigilang matawa. “Yes, boss.” He stretched both arms then folded them over his tummy as he leaned back. “Goodnight, Erning.”

She replied with a curt “Night” and that was okay. He still fell asleep with a contented smile on his face.



Nang huminto sa red light si Nes ay saglit siyang pumikit bago huminga nang malalim at dumilat muli. Para siyang nahapo na ewan, at dahil iyon sa isang oras pa lang nilang pag-uusap ni Callix.

Their conversation was not particularly draining. Under different circumstances, it would have been fun and engaging. But something about the way he spoke to her and the way he looked at her—as if he was always checking her out—that got on her nerves. Nakakairita! Para itong nagpapa-cute na nagfi-flirt na ewan! At hindi siya handa at sanay sa ganoon. Rather, hindi na. Hindi tuloy alam ni Nes kung paano magre-react. Siguro napaka-defensive ng dating ng mga sagot niya kanina.

She hated losing control like that, and to someone who was almost three years younger! She made a mental note to make that detail known to him next time, at baka sakaling tantanan siya nito.

Isang taong titigil si Callix sa kanila. She had to make sure he wouldn't get in her nerves again.

Sinulyapan ng dalaga ang katabi. Tulog na talaga ito, medyo naka-pout pa. Iniiwas niya ang tingin bago pa siya matulala. Callix Sanvictores was dangerously goodlooking, and even in slumber

he still looked like he was trying to seduce. Hindi niya alam kung paano nangyari iyon, pero sa ilang segundong natingnan niya ang kasama, parang may kung anong puwersang maaaring humila sa kanya para tingnan pa ito nang matagal kung mahinahina siya.

Mabilis at walang hassle ang sumunod na mga oras ng biyahe nila, at nanatiling tulog si Callix. Kahit nang mapadaan sila sa checkpoint ay bahagya lang itong naalimpungatan at groggy pa nang ilabas ang wallet para ipakita sa mga pulis na napangisi lang dahil hindi naman iyon kailangan.

Pasado alas dos ng madaling araw ay papasok na ang sasakyang nila sa malawak na gated property ng mga Sanvictores. Maingat na nag-park si Nes sa tapat ng bahay, sa tabi ng isang *Ford* pickup, Pagkatapos, tinapik niya ang braso ng katabi. “Callix, gising na,” aniya bago bumaba ng sasakyang.

Itinaas niya ang pinto sa likod at hinila pababa ang luggage nitong may kabigatan, pero nagawa niyang pagulungan hanggang sa ibaba ng front porch. Isinunod niya ang mabigat ding backpack na itinabi niya sa luggage, bago binuksan ang pinto sa tabi ng passenger seat at muling ginising si Callix.

“Hey, we’re here. Gising na!” muling tawag niya

sabay tapik sa braso nito. Umungol lang ang lalaki. “Callix...” naiinip nang sabi niya.

“Yeeaahh, baby?” he mumbled hazily.

She rolled her eyes and pulled at his arm this time. Ayaw pa ring magising. Hinampas na niya ang lalaki sa hita. “Callix, ano ba! Gising na sabi!”

He just stirred, but his eyes remain closed and his body oh-so-relaxed... *Oh, okay, sobrang komportable mo ha.* Iniikot niya ang latch sa gilid ng upuan para bumalik iyon sa upright na position, pero umungol lang uli si Callix.

Grabe namang matulog ito! Napapadyak na si Nes sa inis. Gusto na niyang magpahinga!

Muli niyang hinampas sa hita ang binata, bago dumukwang para alisin ang seatbelt nito. At dahil medyo mataas ang sasakyang halos nakadikit na ang katawan niya sa hita ni Callix para maalis niya nang maayos ang seatbelt.

She had just undone it when she felt a hand stroking her hair. She gasped, and the metallic buckle slipped from her hand in the process. Narinig niyang napaaray si Callix dahil marahil natamaan niya. Nataranta siya. Paatras na sana siya patayo pero nawalan siya ng balanse at napasubsob sa dibdib ng lalaki, kasabay ng pagdulas ng isa niyang kamay

sa pagitan ng mga hita nito. Hindi sinasadya—as in hindi talaga—ang pagtama niyon sa hindi dapat tamaan... na parang gumalaw?

Oh, my God! Sabay pa silang napasinghap. Agad niyang binawi ang kamay ngunit nahuli na iyong ni Callix.

She realized she was still leaning so close and their faces were just inches apart. Her eyes widened as she met his gaze that now pinned her into place. Was it possible for a gaze to be hot? Penetrating? Intense?

Bakit parang nahihiapan siyang huminga? Ang lapit masyado ni Callix, na ang bango at ang guwapo... *sh*t!*

Hinila niya ang kamay na hawak nito, pero dumako naman ang isang kamay ng binata sa likod niya.

“Erning, kung may balak ka sa ‘kin, baka puwedeng bukas na lang? I’m quite tired, I might not last. Thirteen hours on the plane from L.A. is no joke.” He looked apologetic for just about two seconds before his lips curled into a smile.

Pakiramdam ni Nes ay uusok ang kanyang ilong sa inis. Asar na sinuntok niya ang lalaki sa dibdib bago lumayo at nagmartsa papunta sa bahay. “Pakisara ‘yang pinto! At bitbitin mo ‘yang mga

gamit mo hanggang sa itaas. ‘Yung dulong kuwarto sa kanan ang sa iyo.’ Kinuha niya ang susi sa bulsa ng pantalon at binuksan ang main door.

“Yung kuwarto mo, saan?”

Hindi siya kumibo. Her room was right across from his. Halos pitong taon na rin niyang kuwarto iyon dahil sa malaking bahay na siya pinatira ni Lola Lina at every weekend na lang umuuwi sa lumang bahay nila para maka-bonding ang mga kapatid at pamangkin.

“Erning? *Erning!* Where’s your room?” Parang hindi nahirapan man lang na isinukbit ni Callix ang backpack at binuhat sa halip na hilahin ang luggage nito paakyat sa second floor.

Hindi sumagot ang dalaga. Derecho lang siya sa kusina para uminom ng tubig. Hindi na muling nangulit si Callix. Nakinig at nakiramdam siya hanggang sa masigurong nakapasok na ito sa kuwarto bago siya nagmamadaling umakyat at maingat na pumasok sa sariling siliid.

Mabilis siyang naghudadan at nagsuot ng bathrobe, bago kumuha ng pamalit at dahan-dahang lumabas ng kuwarto palipat sa katabing banyo. Mabilis na nag-shower siya, nag-brush ng ngipin at nagbihis ng pambahay bago maingat uling lumabas ng

banyo, para magulat lang dahil nakabukas ang katapat niyang kuwarto at nakangising nakasandal sa doorframe si Callix.

Si Callix na mukhang bagong shower din at pajama pants lang ang suot.

“Sleepover ka dito, Erning?” Makahulugan ang ngiting hinagod nito ng tingin ang kanyang kabuoan.

Sh*t, wala siyang bra! She was not exactly well-endowed but her old shirt was almost flimsy! Niyakap ni Nes ang hawak na roba at taas-noong itinulak pabukas ang pinto ng kanyang kuwarto. Hindi na niya muling tiningnan si Callix na sinasadya yatang ipadamang minamasdan siya nito.

“Sweet dreams, Erning...” she heard him say before she locked her door.

Para siyang hinahabol sa bilis ng pintig ng pulso at lakas ng tibok ng puso. She had never felt this much in a long while, it was quite overwhelming. What on earth was going on?

Nang sa wakas ay mapayapa ang isip niya at tuluyang talunin ng antok, ang huling imaheng nagpakita sa kanya ay ang mapang-akit na ngiti ni Callux, habang nakatingin sa kanya nang makahulugan.

CHAPTER Two

Naramdaman ni Callix ang bahagyang paglundo ng kama sa bandang kanan niya, kasunod ang malambot at mainit na katawang halos dumikit na sa kanya. Nanatili siyang nakapikit, pero dumako ang kamay niya sa likod ng bagong dating at marahang iniangat ang t-shirt nito.

His hand sneaked under to caress her soft skin while she rolled over so she was covering one side of his upper body. A warm, slightly rough palm caressed his neck, then slid to his shoulder and chest. He moaned softly, as he pressed her body closer. Bumaba ang kamay nito sa kanyang tiyan, unti-unting naglandas palapit sa waistband ng pajama pants niya, at namumungay ang mga mata

na napadilat siya.

Bahagyang ngumiti si Nes, iyon mismong ngiti na parang sinasabing madami itong alam na sikreto niya. Umakyat ang isa niyang kamay sa gilid ng mukha nito at marahang hinawi ang buhok na tumatabing doon. He was met full force by those big, soulful slanty eyes that now seemed to study his face as she came closer and her hand slid lower.

Parang kakapusin na siya ng hininga nang gahibla na lang ang distansya ng mga labi nila, at nakarating na sa ilalim ng pajama pants niya ang kamay nito hanggang sa... marinig niya ang pagtilaok ng manok na sinundan ng pag-iingay mga kambing.

What the...?

Napadilat si Callix. Mag-isa lang siya sa kuwarto at sa halip na kamay ni Nes ay sariling kamay ang nasa loob ng kanyang boxers. And he was so hard it's almost painful. He also felt so hot.

Agad siyang bumangon. Parang totoo ang panaginip niya! Parang naaamoy pa rin niya si Nes noong bagong labas ito sa banyo. That yummy strawberry milk scent. He wondered how her skin tastes like... Naiiling na kumuha siya ng damit sa backpack bago pumasok sa banyo. A cold shower

should cure this early morning madness. Anong oras na ba?

Less than twenty minutes later, he was feeling so much better. Nag-unpack muna si Callix at inilabas sa kama ang mga pasalubong para kay Lola Lina at sa lahat ng tauhan nila sa bahay, farm, resort at opisina—bago lumabas ng kuwarto.

Para lang muling uminit ang pakiramdam dahil kalalabas lang din ni Nes na nakabihis na. White button-down shirt and blue jeans clung to her body perfectly, and he was defenseless against his body's reaction to it.

“Good morning, Erning!” ngisi niya. Sinundan niya ang babae sa hagdanan.

“Morning,” mahinang sagot nito na binilisan ang pagbaba. Dere-derecho ito sa dining area kung saan nakaupo na si Lola Lina at tatlong house staff na agad niyang binati.

He sat right across Nes, on his grandma's right. Pareho ang nasa harap ng dalawa. Toasted bread na may jam at ilang slices ng papaya at pinya. Ang kaibahan lang, may scrambled eggs si Nes.

“Hindi kami nagkakanin sa umaga,” sabi ng lola niyang mas mukhang nasa 60s lang. Itinuro nito ang ibang nasa mesa. “Hala, ubusin n’yo ‘yan.” Bumaling

uli sa kanya ang matanda. “Mag-uusap tayo mamaya, ha.” Ngumiti ito.

“Sure, beautiful!” He smiled back, then looked at Nes who was watching them apparently. Tumaas lang ang isang kilay nito bago itinuloy ang pagkain.

Tinambahkan niya ng sinangag, daing, tocino at scrambled eggs ang plato at maganang kumain habang pinagmamasdan si Nes. Bakit parang ang sexy ng lahat sa babaeng ito?

She chewed with her mouth closed, slowly as her eyes fixed on her food. Paminsan-minsan ay nag-aangat ito ng tingin para mag-react sa pinag-uusapan ng kanyang lola at mga kasambahay nila. May something talaga sa paraan ng pagtingin ng babae, na para siguro sa iba ay parang curious o nagtatanong lang pero sa kanya ay iba ang dating. And her smile! Sh*t, was she even aware that she could probably make men fall at her feet with that smile alone?

“KC, hoy, ano ba? Narinig mo ba si Mona?” untag ng lola niya.

Napakurap siya, bago tumingin kay Ate Mona, ang kusinera nila. “Yes, Ate?”

Natawa ito. “Nako, KC, saan na ba naglakbay ‘yang isip mo? Masyado bang masarap ang luto

ko o natulala ka lang talaga kay Nes?” Itinuro nito ang plato niyang wala nang laman. “Tinatanong ko kung gusto mo pa ng sinangag at kukuha pa ‘ko.” Makahulugan ang tingin nito, pati ng iba pang kasalo nila.

Napatingin siya kay Lola Lina, na nangungunot ang noo, at kay Nes na pokerfaced pero namumula. *Well, at least I'm not the only one.* Bumaling siya kay Ate Mona. “As usual, ang sarap ng luto mo, Ate, pero okay na ‘ko. Ayoko pang matabunan ng taba ang abs ko.” He grinned.

The table was cleared within minutes. Inutusan ni Lola Lina si Nes na may kuhaning kung anong papeles sa resort, pagkatapos ay sinabihan siyang puntahan ito sa library in fifteen minutes. He went back to his room to brush his teeth and get the things he bought for their household staff, then, brought it to the kitchen where they were busy cleaning.

Pagkatapos, tumuloy na siya sa library kung saan nakatayo at nakasilip sa bintana si Lola Lina. Nang tingnan niya kung ano ang nasa labas, natawa siya. Dalawang magkadikit na aso ang neroon.

“Grabe ka, Lola. Nanonood ka ng porn?” batì niya.

Hinampas siya nito ng pamaypay. “Maloko

ka talaga!” Napailing ito. “Nakatulog ka ba nang maayos?”

Ngumiti siya. “Okay naman, ‘La. Nakatulog din ako sa biyahe on the way here kaya nakabawi din. Ang suwabeng mag-drive ni Erning. Nakaka-relax.”

Nangunot ang noo nito. “Erning?”

“Short for Ernestine, Lola. Para maiba naman. Cute, di ba?”

Muli itong napailing. “Ikaw talaga...” Bumuntong-hininga ito. “Isang taon ka ba talaga dito, KC? Ayos lang ‘yon sa iyo? Probinsya ito, tabing-dagat pa. Malayo ang buhay dito sa buhay mo sa America.” Malungkot na ngumiti ang matanda. “Pasensya na kung pinilit kitang umuwi dito, ha.”

Nakonsensya agad ang binata. Iyon mismo ang concern niya dati. “Wala akong problema sa pag-uwi dito para makasama ka, Lola. I don’t think I’ll get bored. I grew up here. I intend to work here, too. You’re expanding the resort and adding a spa near the hills and an eco park, right? I’d help supervise that one. May mga pupuntahan din akong events kasama ang mga kaklase ko n’ung high school and college. And you’re here.” Ngumiti siya.

Ilang segundong mataman siyang pinagmasdan ng matanda, bago marahang tumango. “Natutuwa

akong marinig 'yan. At dapat lang na simulan mo na rin ang pamamahala sa resort at farm dahil sa 'yo ko din iiwan ang mga iyon. Napag-usapan na namin ito ng mga tito at tita, pati ng mga kapatid mo. Hindi mo naman kailangang fulltime na pamahalaan kung sakali. Alam naming nakabase na sa California ang buhay mo. Gusto lang naming siguraduhin ang kinabukasan mo."

Pinagmasdan niya ang matanda. Lola Lina never stopped him when he decided to accept the post grad scholarship in *UCLA* after his father died two weeks after his college graduation. He knew he was bound to lose his dad the moment he was diagnosed with lung cancer a year before that, but he still found it difficult to recover. His grandma supported his decision to leave to help him heal, but he sort of betrayed her by being a coward and refusing to come back.

Namuhay siya sa L.A. He owned a social media branding firm that had top film outfits, TV show producers and celebrities as his clients. He also co-owned a popular dance club in Malibu where he does DJ-ing stints twice a week. He never had a steady girlfriend, but he had bedded some of the most beautiful women in the city with no strings

attached. Just a week before he went back to the Philippines, he fulfilled the dominatrix fantasies of one of Hollywood's latest *It girls*, and came home to his Malibu beach house feeling completely sated.

Sa kabilang masarap na buhay doon ay pinili pa din niyang umuwi rito para magpahinga mula sa ingay, gulo, at intriga, at para makasama rin ang babaeng sa simula't sapul ay sinuportahan ang mga desisyon niya. It would be heartless to deny her this time, when Lola Lina never had to think twice when it comes to him.

"Lola, I'm here. Don't worry. I'll be fine. And I appreciate that you trust me that much. Pero ayokong isipin sa ngayon ang iiwan mo dahil nandito ka pa, at hindi ka pa aalis for a *looongg* time." Nakakaunawang tiningnan niya ang matanda. "And since I'm here and I'm yours, gagawin ko lahat ng gusto mo. Magpapakabait ako, promise."

Ngumiti ang kanyang lola. "Well, I do want you to do something but it's not really for me..."

Nangunot ang noo niya. "For whom, then?"

Sinalubong ni Lola Lina ang tingin niya. "For Nes, my assistant."

Hindi niya alam kung bakit bigla siyang kinabahan. "W-what about her, Lola?"

Bumuntong-hininga ang kausap. “Concerned lang ako sa batang iyon. Ulila na siya at may kanya-kanya nang buhay at pamilya ang mga kapatid niya. Parang sa akin na lang niya inilaan ang buhay niya nitong nakaraang mga taon, na hindi dapat.” Napailing ito. “She turned thirty several weeks ago—”

“She’s thirty?” bulalas ni Callix.

“Oo, n’ung January. Bakit?” takang tanong ni Lola Lina.

“Damn, she looks so fine. Ah, I mean ang bata niyang tingnan, Lola. Akala ko mas matanda pa ‘ko kay Erning.” Now his mind was racking up names of older women he’d been in bed with, and how satisfying those nights were.

“Well, she is thirty,” ulit ng matanda bago nagpatuloy, “At nag-aalala ako dahil hanggang ngayon, wala pa uli siyang boyfriend. Ni hindi nakikipag-date! Masyado yatang nadala d’un sa huling naging boyfriend niya.”

Now, Callix was curious “Ano’ng nangyari?”

“Hay naku, eh di niloko siya. Halos two years din sila n’un, tapos nalaman niyang may kinakasama pala sa Manila. Bago iyon, naging boyfriend din niya ‘yung anak ni Vice Governor na miyembro ng banda.

Babaero naman ‘yun at puro sama ng loob lang daw ang ibinigay kay Nes.” Napapalatak ito. “Ewan ko sa batang ‘yon at nahuhulog sa mga pogì pero bad boy! Ayun tuloy...” She sighed again.

Nakatanga lang ang binata sa ikinukuwento ni Lola Lina. Medyo kinakabahan din siya, and yet he thought he might have an idea what she was about to ask. “So, um...” Napalunok siya. “What do you want me to do, Lola?”

Matamang tiningnan siya ng abuela. “Alam kong matitino ang mga kaibigan mo simula noong high school at balita ko, karamihan sa kanila ay asensado na sa buhay. Malawak din ang network mo at siguradong marami kang kilalang eligible. I want you to help Nes meet this young men, KC. I want you to help her find *the one*.”



“I’m leaving all of these to KC, Ernestine. Pero hindi na ito ang mundo niya. Hindi ko alam kung ano ang gagawin niya sa mga maiiwan ko kung sakali, pero gusto kong matutunan niya kahit paano ang lahat ng mga may kinalaman sa resort at sa farm. He said he wanted to help while he’s here, so I’d like you to spend time with him for awhile. Kahit ilang oras lang kada araw. Pagpasensyahan mo na kung may

pagkamaloko ang isang 'yon, mabait naman siya. And he can be serious and quite brilliant when he wants to.

"Maybe you can start soon... Later? Para may kasabay kang mag-dinner habang nasa bayan ako kasama sina Cora at Celso. May mga idi-discuss din siya sa 'yo. Sa tingin ko makabubuti sa inyo ni KC kung magiging magkaibigan kayo. You can help each other."

Habol ang paghingang binagalang ni Nes ang pagtakbo habang palapit sa tapat ng *Villa Carolina Suites*, hanggang sa tuluyang huminto sa tapat ng isa sa mga footpath paakyat doon, may sampung metro mula sa kinatatayuan niya sa beach. Pasado alas cinco ng hapon at katatapos lang niyang tumakbo sa tabing-dagat, na ginagawa niya thrice a week. Three lapses around the area comprising the *Villa Carolina* resort, until the small pier and docking area almost a kilometer away. It was her way to de-stress and stay healthy, dahil nasa lahi nila ang hypertension at diabetes.

Yumuko siya at itinukod sa magkabilang tuhod ang mga kamay habang habol ang paghinga at kinakalma ang puso. Running had always felt good and she loved the rush it gave her but right now, she knew the raging in her chest wasn't just because she

ran a total of five kilometers.

She was about to have dinner with a man in two hours or so. Hindi naman talaga date, more of business meeting iyon at sigurado siyang hindi niya kailangang mag-dress to impress. Hindi iyon date pero lalaki pa rin si Callix, at mag-aanim na taon na siyang hindi lumalabas kasama ang kahit sinong lalaki.

Bakit kasi sa isang restaurant na may magandang view ng garden at beach pa nila kailangang mag-usap? Hindi na tuloy siya isinama ni Lola Lina sa pakikipag-kita nito kina Tita Cora at Tito Celso, na mga anak nito.

“KC asked me earlier about wanting to know about how we run the resort and farm, at naisip kong mas mabuti kung kayo ang mag-uusap. At para maiba naman ang nakikita mo, Nes. Hindi ka ba nagsasawa sa matandang ito, ha?”

Actually, she would chose the comfort of Lola's presence anytime, pero ipinakiusap din ito sa kanya ng matanda, at wala siyang excuse at lakas ng loob para tumanggi.

She only wished Callix wasn't dropdead goodlooking and that he didn't infuriate and unnerve her at the same time.

Napapabuntong-hiningang dumerecho siya ng tayo at pinunasan ang pawis sa kanyang hairline gamit ang sleeves ng suot na kamiseta. Wala na siyang magagawa, mukhang kailangan na lang niyang magdasal nang matindi mamaya para hindi siya maubusan ng pasensya.

“Hey, stranger! ‘Come here often?’”

She rolled her eyes. Saan galing ang ungas na ito at hindi agad niya napansin? Palapit sa kanya si Callix at ipinupunas sa katawan ang tuyong bahagi ng marahil ay kahuhubad lang na t-shirt. Mukhang galing din ito sa pagtakbo, base sa suot na trainers at mga pinong buhangin sa binti. His skin was amazingly radiant under the late afternoon sun and his cheeks were flushed. Nangingislap din ang mga mata nito na parang tuwang-tuwang makita siya.

“Every other afternoon, actually.” She schooled her features into one of disinterest. Or tried to. Medyo mahirap kasing iwasan na mapatingin sa binata. The man was exquisite, and he probably knew it, too.

“Then, I’ll be here every afternoon.” Parang kinikiliti ang ngiti nito. “So? We’re having dinner later, right?”

“Yes,” she said between gritted teeth. “In about

two hours.” Nilampasan na niya ito. “Kaya excuse me po at uuwi muna ako para mag-ayos.”

Humarang agad ito sa dadaanan niya. “Are you kidding me? Mag-aayos? Ano’ng magulo sa ‘yo?” Makahulugang pinasadahan nito ng tingin ang kanyang kabuuan.

Napalunok si Nes sa kakaibang sensasyong dala niyon. Shivers. Pinpricks of electricity on her skin. He did not even touch her! “Are you kidding me?” panggagaya niya sa tono nito. “Thirty minutes po akong tumakbo. Amoy-asin, mabuhangin at pawisan na ako.” Muli niya itong nilampasan “Excuse me ulit.”

“Hey.” Hinagip ni Callix ang braso niya. “But you look fine.” His gaze settled on her face, then leaned in to sniff the air around her. “And you smell good.”

Mapaatras ang dalaga, sabay hila ng braso. “Not according to me. At ayokong ring makipag-dinner sa ‘yo na ganyan ang itsura mo.” Nakakunot-noong pinasadahan din niya ng tingin ang katawan ng kaharap. Wrong move, because that just made her cheeks feel hotter. “Maligo ka muna. Ayokong mawalan ng gana mamaya.” Nag-iwas siya ng tingin at naglakad na uli palayo.

“Mawalan ng gana saan? Ano’ng balak mo sa

‘kin, Erning?” he called after her, laughter in his voice.

Gigil na binilisan ni Nes ang paglalakad. Paano sila mag-uusap nang matino ng lalaking iyon mamaya? Sisirain lang nito ang focus niya! Malamang bored lang talaga ang lalaki at siya ang napapagtripan dahil umpisa pa lang ay nakita na nitong madali siyang inisin. He was probably finding amusement in annoying her.

Mahirap, pero susubukan niya talagang magtimpi mamaya. Itutuon niya ang atensyon at usapan sa negosyo ng mga Sanvictores at kapag nangulit pa si Callix, lalayasan niya ito.

Yep, sounds like a plan. Sana lang ay ganoon ito ka-predictable. At sana kung muli siyang magugulat ay alam niya kung paano magre-react.

CHAPTER Three

“Help her find the one? Lola, karamihan sa mga babae ngayon, ayaw nang inirereto. From what I saw so far of Erning, she’s independent. She knows what she wants. I doubt she’d appreciate being set up in dates.”

Umiling si Lola Lina. “Hindi mo siya kailangang i-set up, KC. Tutulungan mo lang siyang magkaroon ng mga bagong kakilala, at magkaroon ng mas madaming option kaysa pagsilbihan ako hanggang mamatay ako.” Bumuntong-hininga ito. “Alam mo bang halos six years na siyang hindi lumalabas? Kailangan pa siyang sunduin at hilahin ng mga kaibigan niya kapag may umuuwi galing ibang bansa o kung may birthday o kasal. Hindi na rin

siya nakikipag-date. Walang nanliligaw. Nasa bahay, opisina at mga pamangkin niya lang ang buhay niya. She could probably support herself when she's old but she's lonely, KC. Hindi niya iyon aaminin pero nakikita ko sa kanya. Ayokong tumanda siyang magisa, nang hindi sumusubok na magmahal ulit. Kung may babaeng deserving na maging masaya at mahalin ng isang masuwerteng lalaki, si Ernestine iyon.

"Pero walang opportunity at wala siyang kusang maghanap. I don't want her to feel resigned to this life. That young woman should have more. And that includes a good young man who will really love her."

Tahimik na nakamasid lang si Callix sa lola niya, hindi makapaniwala sa gusto nitong mangyari.

"Alam kong marami kang kilalang matino, KC. Hindi mo naman siya ibubugaw, isasama mo lang minsan sa mga lakad mo kung saan may opportunity na may makilala siya. Reunions, maybe, or weddings. 'Yung mga wholesome na lakad lang naman." Tumaas ang isang manipis na kilay ng matanda.

"Lola naman," he mock-protested; his lips pursed.

"Nagsisiguro lang ako, KC. Hindi kailangang guwapo 'yung ipapakilala mo kay Nes, okay na 'yung presentable, basta matino. May direksyon ang buhay, hindi babaero o puro party..." Napailing uli

ito. "Nadala na 'yun sa pogi, eh."

"You think I'm not eligible, Lola?" seryosong tanong niya.

Ilang segundong pinagmasdan siya ng matanda, bago ito mataginting na tumawa. It's not even a mocking kind of laugh, Lola Lina really thought what he said was funny.

"I thought you love me." He pouted.

"Oh, I do love you, my dear." Hinawakan siya nito sa braso, "But don't think I never hear about what you do in L.A. May dahilan kung bakit ipinilit kong magpa-complete medical checkup ka bago umuwi dito. Alam kong ini-enjoy mo lang ang buhay mo at hindi kita huhusgahan pero ako na rin ang parang naging magulang at guardian ni Nes, KC. And as someone who cares for her, I would want the best for her."

Naging malamlam ang mga mata ni Callix. Man, that hurts. Para siyang piningot sa magkabilang tainga ng abuela bago sinampal sa parehong pisngi, noo, baba at ilong. "So, I'm not the best?"

Nangunot ang noo ng kausap. "KC, do you even like Ernestine? I know she's beautiful, I wouldn't be surprised if you're attracted, pero kaya mo ba siyang panindigan? Handa ka na bang mag-commit kung

sakali? Isang araw mo pa lang siyang nakikilala. At isang taon ka lang dito.” Tinapik nito ang kanyang braso.

“Siguro hindi ikaw ang best sa ngayon para sa isang babae, pero kung gugustuhin mo, pasasaan ba’t magiging ganon ka din. Hindi natin alam kung kailan ‘yun. And for dear Ernestine, I’m not sure. Nagiging tapat lang ako, KC. Alam mo ‘yan.”

Simula kaninang umaga ay hindi nawaglit sa isip ni Callix ang usapan nilang iyon ng kanyang lola. Aminado siyang natamaan siya at nasaktan sa mga sinabi nito. Hindi rin naman niya ito masisisi. His hedonistic lifestyle was no secret to his family, they didn’t support him and had always expressed their misgivings, but they let him be. Hindi siya diniktahan o pinilit na magbago. Aware siya na naniniwala ang mga kaanak na magbabago din siya.

Medyo nasaktan lang siya na dahil doon ay iniisip din pala ng lola niya na hindi pa siya karapat-dapat sa isang babae, at lalo na sa isang malapit dito. Obviously, Nes felt the same way. Maybe she would not even consider him, and that was why she’s wary of his advances. He’s not even seriously trying to get her to bed—that would be too complicated and Lola Lina might disown him or feed him to the sharks.

But that made him think. Was he that bad?
Panahon na ba talaga para magbagong-buhay?

He's not sure, but just to prove that he can be worth it, he decided to lay off the leering and flirting and just really listen to Nes while she literally discussed business with him over dinner.

Nakinig si Callix, nagtanong nang maayos, nakinig pa uli dahil ang sarap pakinggan ng bose nito. Medyo nakaka-distract, at siguro may ilang pagkakataong nagiging hugis puso na ang mga mata niya kapag nagpa-pout ito o tumataas ang isang kilay o kumukumpas to stress a point. The woman was just adorable, and sexy and he thought he could discuss market economy with her until midnight.

Pagkatapos, iyong paraan pa nito ng pagkain ay tila nang-aakit. Parang slow motion lagi, parang may meaning ang bawat galaw. Iniisip niya kung kailan siya huling naging ganito ka-attentive sa isang babae. Was he ever? Perhaps, but always with the intention of f*cking her senseless later on.

*Shit, why was he even thinking of f*cking while Nes sat across from him, licking ice cream off her spoon? He took a deep breath as he felt hot all over, as his jeans seemed to feel tight in a certain area.*

“Okay ka lang, Callix?” tanong ng babae bago

kumutsara uli ng strawberry ice cream.

Napabuga siya ng hangin. “Yeah, uh... I just need to ask you something. A favor, um... sort of invitation.”

She looked wary, as she did since they started dinner. “Nasabi nga ni Lola Lina kanina na may sasabihin ka daw. Ano ‘yon?”

Mataman niya itong pinagmasdan. “May reunion kami ng blockmates ko noong college. It’s also a birthday and engagement party. Sa *Illuminate* gaganapin, in BGC. Uh, I want you to go with me.”

Nangunot ang noo ng kaharap. “Reunion? Sa... dance club ‘yung *Illuminate*, di ba?”

Tumango si Callix. “Yes, but one of my friends own it and we’re closing it for patrons for one night. This Saturday na ‘yun. It’s more like a gathering, there will be music but we’re not required to dance.” Ngumiti siya. “Hindi ka sanay sumayaw?”

Hindi ito sumagot; nanatiling nakatingin lang sa kanya, nagdududa. “At isasama mo ‘ko? Bakit? Required ba na may plus one ang attendees?”

Umiling ang binata. “Not really, pero gusto kitang isama. Nagpaalam na ‘ko kay Lola and she said it’s okay.”

“Hindi ako mahilig sa parties. Maingay d’un at

sumasakit ang ulo ko sa ilaw.”

Umangat ang isa niyang kilay. “Kailan ka huling nag-party?”

Hindi ito sumagot, sumubo lang ng ice cream.

“Let me guess, Erning. Senior Prom? Graduation ball? Gig ng isang banda kung saan gitarista ang ex mo?” Nanghuhula lang siya, at naalalang may naging boyfriend nga itong band member. He did not mean anything, so he wasn’t expecting her reaction.

Namula ito at napahinto sa pagkuha sana uli ng ice cream. Masama ang tingin nito sa kanya nang dumerecho ng upo. “Why is that important?”

He shrugged. “It’s not, really. Pero kung matagal na ang huling labas mo, hindi ka naman siguro magkaka-migraine sa isang gabi lang.” He leaned on the table. “Come on, Erning. It would be fun. Sabi ni Lola, hindi ka daw lumalabas. Nag-aalala ‘yun at nakokonsyensa. Baka raw ang dami mong nami-miss dahil sa kanya.”

Napakurap ang kausap; parang napaisip. “Hindi naman—”

“I know. You like being there for her.” Sinamantala niya ang pagkabahala nito. “But that’s how she feels and you know how old people are, they’re sensitive about these things. Ayaw din nila ng pakiramdam

na nakakaabala o nakakabigat sila hangga't maaari.
You know we talked earlier, right?"

Tumango ito, may pag-aalala pa rin sa mukha.

"Well, Lola Lina is worried about you. Gusto niyang lumabas ka naman at mag-enjoy. I don't mind tagging you along sa mga pinupuntahan ko, ayoko lang din na mag-worry masyado si Lola."

"Ayoko din na iniintindi niya 'ko masyado. Okay naman ako. Masaya ako sa trabaho ko sa kanya. Alam niya 'yon."

Tumango siya. "I pointed that out, too. But she insisted I ask you. Sana i-consider mo din, wholesome naman 'yung mga pupuntahan natin at mababait ang friends ko. They're not like me, promise," ngisi niya.

"Well, that's a relief." She smirked.

"So, payag ka na? Ready to party?" excited na tanong niya.

She rolled her eyes. "Sure. Just don't force me to dance."



"Tulog ka muna, Erning. Gigisingin kita pag malapit na tayo."

Nakaangat ang isang kilay na tiningnan ni Nes si Callix, na nakangiti at halata ang excitement.

Mukhang feel na feel nito ang pagda-drive matapos makapag-renew ng lisensya nang nakaraang araw. Kahapon, tahimik uli ang buhay niya dahil buong araw na wala si Callix na pumunta ng San Fernando, Pampanga para kumuha ng mga kailangan nitong ID at clearance. Namili na rin daw ito ng mga gamit ayon kay Lola, na mabuti para nakadamat naman ito tuwing magpapakita sa kanya.

This morning though it appeared like he was waiting for her to get out of her room. Paggising at paglabas ni Nes ng kuwarto nang bago mag-alas siete ay naka-pose na ito sa hamba ng pinto, may hawak na mug ng kape at malaking pandesal. And still shirtless.

Boxer shorts lang ang suot ni Callix na mukha at amoy bagong ligo. “Good morning, Erning! Ready to par-tay? Nice hair.”

Nagsalubong agad ang kanyang mga kilay. “Morning.” Hindi pa siya nagsusuklay, malamang ay may pillow marks pa ang nag-iinit niyang mga pisngi at hindi pa siya nagmumumog. Agad niya itong tinalikuran para pumasok sa banyo.

Over breakfast, the man just had to tell everyone how excited he was to be taking her “out of her cave to see the big bright beautiful world” and that he

would make sure she'd enjoy it, or "your money back. Magpapakabait na 'ko at hindi na kita kukulitin, promise." Siyempre hindi niya iyon pinaniwalaan, but Callix just had to turn to his grandmother and went, "Lola, party 'yun ha. Kailangang nakabihis at nakaayos. Hindi puwedeng mukhang manang o pupunta lang sa palengke," then, he turned to her, "so you'll have to dress appropriately."

Of course, Nes did not have the 'appropriate' party attire! Callix obviously sensed this so he said he already contacted one of his female cousins in Manila to help her out. Kilala niya ang tinutukoy nitong kikay na pinsan na si Ashley at mabait iyon sa kanya kaya hindi na siya nagreklamo.

Sa isip ay bumuo na lang ang dalaga ng plano para inisin din si Callix upang sa susunod ay mag-isip muna ito bago siya isama sa lakad.

"You need to rest, Erning. Mukhang hindi ka pa naman sanay sa puyatan," dagdag pa ni Callix na itinuon na ang atensyon sa daan.

Bumuntong-hininga si Nes bago sumandal at nag-relax sa upuan. Pumikit siya kahit hindi gaanong inaantok pero dahil maayos magmaneho ang driver niya ay nakatulog din siya.

Pagdilat niya matapos mairita sa pagtapik at pisil

ni Callix sa braso at pisngi niya ay pababa na sila ng Santolan Flyover. Pagtingin niya sa wristwatch ay mag-a-ala una na ng hapon. Medyo nagugutom na rin siya.

“Sa *Galleria* na lang kita ibababa. Ashley will meet you at East Wing gate daw. Mag-lunch muna kayo bago mag-shopping.” He slipped a card on her tote bag. “I’ve loaded that with cash. Pag kinulang, ire-reimburse ko na lang si Ash.”

Hindi na siya nagtanong kung magkano ang inilagay nito sa debit card. Nasa gagawing pag-aayos mamaya ang isip niya.

“I’ll just go meet some friends. I’ll probably see you at seven sa bahay, okay? Then, we’ll go straight to the venue.” Inihinto ni Callix ang sasakyahan sa tapat ng mall entrance. Tumango lang siya at bumaba na. Paglampas pa lang sa mga guards ay nakita na niya si Ashley na nakangiti at halata ang excitement habang kumakaway.

“Oh, my gosh, I’ll be your stylist for the day daw, sabi ni Kuya Callix!” Parang nagba-bounce pa ito sa sobrang pagkasabik. Mahina itong napatili nang iabot niya ang card ni Callix.

“We’ll share it. Kung bibili ako, dapat may bibilhin ka din, okay? Pero mag-lunch muna tayo.”

Hinila siya ni Ashley sa isang Japanese restaurant, pagkatapos ay sa isang ice cream shop for dessert. Kasunod niyon ay sinimulan na nila ang pamimili ng isusuot mamaya.

“Teh, ang sabi ni Kuya, gawin daw kitang ready to party. Wala namang specifics, basta daw hindi ka mukhang manang.” Pinagmasdan nito ang kanyang suot. “Hindi ka naman baduy, but you’re too plain. Style-wise, at least. I have suggestions but I want it to be your decision as well, so ano’ng gusto mong gawin?”

Amused na tiningnan niya ang kasama. Nineteen lang si Ashley pero mas may isip pa kaysa sa pinsan nito. “Hmm, alam mo ba kung bakit isinama ako ni Callix?” And she told her why, and exaggerated a bit how Callix got into her nerves.

Namilog ang mga mata, napa- “OMG!”, natawa at napailing si Ashley. Sa pagtatapos ng kuwento ay alam niyang nakuha niya ang simpatiya ng dalaga.

“Annoying, right? So here’s what I want to do. Gusto ko, ‘yung ayos ko mamaya ay ‘yung tipong sa tingin mo ay hindi niya magugustuhan. ‘Yung tipong yayayain niya agad akong umuwi kasi OA at hindi bagay sa party. Ganon, gets mo ba?”

Ilang segundong tiningnan siya ni Ashley, bago

tumango. “I think I know exactly what to get you!”
Humawak ito sa kanyang braso. “Let’s go!”

Nagpahila na lang si Nes sa kasama at kahit mahilo-hilo sa mga boutiques na pinasok ay approved naman sa kanya ang mga binili nito. Most were stuff she wouldn’t normally wear but for the sake of her sanity and peace of mind, isusuot niya ngayong gabi lang. Dinala rin siya ni Ashley sa isang spa, nagpa-massage at scrub hanggang sa kumintab na ang mga balat nila, at sa salon para magpa-mani pedi, hair color at treatment. She sacrificed having her hair become the color of wine, mawawala din naman iyon. Pati mga kuko niya sa kamay at paa ay pula rin.

Pasado alas cuatro nang makauwi sila sa three-bedroom condo ng mga Sanvictores sa *Valle Verde*, kung saan pareho silang nakatulog. Nang magising bago mag-six ay nag-shower na si Nes habang umorder naman ng pizza si Ashley para sa early dinner nila. By seven, she was all dolled up and ready, and quite satisfied with the results. Nagpaalam na si Ashley na uuwi sa dorm nito dahil maaga ang pasok kinabukasan.

“Ate, sana may next time pa, ha.” The girl grinned as she raised the shopping bags she had in her

hands. Natawa siya at sinabihan ito na mag-ingat sa pagda-drive.

Pagkaalis ng pinsan ni Callix ay muli niyang pinagmasdan ang sarili sa salamin. Maikling black pleated skirt na may naka-attach na shorts ang suot niya, na tinernuhan ng pulang crepe blouse na maikli ang sleeves at may V-neckline. It was also a bit loose before the hem cinched on top of her hip so Ashley insisted she didn't have to wear a bra.

"If Kuya noticed you're not wearing a bra, he'd drag you out of there agad. As in!" sabi nito habang inaayos ang maikli niyang buhok na medyo kinulot.

She thought that made sense, so she did not argue anymore. Laced up black ankle boots na may three-inch pointed heels ang suot niya sa paa, at itim na wristwatch lang ang kanyang accessory. Ashley went all out with her makeup though, with dramatic glittery cat eyes and blood red lips.

Dahil hindi siya sanay sa ganoong ayos, OA iyon para sa kanya. Duda siyang magugustuhan iyon ni Callix. Napangiti si Nes nang maisip kung paanong magsisisi ito sa ginawa.

Nang tumunog ang doorbell ay agad niyang isinuot ang manipis na black trench jacket na binili nila ni Ashley kanina. Hanggang tuhod iyon at hindi

kita agad ang suot niya. Dinampot niya ang tote bag, pinatay ang master switch sa tabi ng pinto at ini-on ang locks, bago iyon binuksan.

Callix's eyes widened when he saw her then, blinked, then narrowed, when he saw her jacket.
“Yan na ang suot mo?”

Hindi siya kumibo. Hinintay niyang mai-key in nito ang lock code sa pinto bago siya naunang maglakad papunta sa elevator.

“You look... nice,” sabi nito na hindi maialis ang tingin sa kanya. “Different but really nice.”

“Thank you,” smug na sagot niya.

“It will get kinda hot in the venue because of the lights so I hope you’re not really wearing that.” Nangungunot ang noo ang binata habang papunta sila sa sasakyang nito.

“Oh, don’t worry. Aalisin ko ito mamaya,” simpleng sagot ni Nes.

On the way to *Illuminate*, he told her about the party, his friends, the people he thought she would be interested to meet. Bahagya lang siyang nakikinig. Medyo kinakabahan din kasi siya, na tumindi pa nang mag-slow down si Calli, at mag-park na sa tapat ng venue.

Huminga siya nang malalim at humigpit ang

hawak sa dalang clutch nang bumaba ng sasakyang. Her nerves eased a bit as they walked towards the venue. Sa reception ay panay ang tingin sa kanya ni Callix habang hinihintay nitong ma-confirm sa guest list ang pangalan. Napansin niyang may coat rack sa tabi ng double doors papasok sa club, at may nag-a-asist. Pigil ang ngiting lumapit siya doon habang inaalais ang trench coat, pagkatapos ay iniabot iyon sa staff na binigyan siya ng stub na may number.

When she turned to look at Callix, he looked like he was frozen to his spot. Napakurap ito, bago naningkit ang mga mata. His jaw clenched and his lips were drawn in a straight line.

Uh-oh, hindi ba nito nagustuhan? *Uwian na ba, Callix? Tara na?* Hindi niya inaalais ang tingin dito nang lumapit. Agad dumako ang kamay ng lalaki sa likod niya at hinila pabukas ang pinto.

“Let’s go,” he gruffed, as he averted his gaze.

Inside, she felt like doing a little victory dance.

CHAPTER *Four*

“**T**his is interesting. Callix Sanvictores sitting by the bar nursing a sissy cocktail drink and sulking like a f*cking wallflower—”

“I’m not a f*cking wallflower,” he hissed, before gulping down what was left of some sissy cocktail concoction he’d snatched from the drinks buffet.

“Well, you do look like one,” dugtong pa ng kaibigan niyang si Dec na kababalik lang sa bar matapos makipagsayaw sa date nitong si Ciara.

“And you’re totally sulking, man,” dagdag ng kakambal ni Dec na si Vem—na walang date dahil lie-low daw muna ito sa pakikipagrelasyon. Makahulugan ang ngiti nito sa kanya bago tumingin sa direksyon ng isang grupo sa may grand piano.

Nes was leaning on it, surrounded by four of his friends, who also happened to be among those Lola Lina would consider ‘eligible.’ Halata ang paghanga at fascination ng apat sa assistant ng kanyang lola, na mukhang ini-enjoy naman ang attention. May hawak itong martini glass at pangalawa na iyon simula nang hayaan niya itong makihalubilo sa mga kaibigan niya.

“She’s hot, and from my conversation with her earlier, she’s also quite interesting and smart. Bakit isinama mo dito tapos, hahayaan mo lang sa apat na ‘yan? Mas guwapo ka naman sa kanilang lahat nang limang paligo.” Vem grinned, her eyes sparkling.

Natawa si Callix. “Thanks, babe. But she’s off limits. Dinala ko siya dito precisely so she can meet those four.” Tumango siya sa direksyon ng piano. “Utos ni Lola, ipakilala ko daw sa mga eligible and no, my own grandma doesn’t think I’m one of them.” Napailing ang binata. “Besides, there’s no way I would get involved with someone everyone in my clan adores and feels protective of. Baka mapatay ako pagkatapos i-disown.”

Matamang pinagmasdan siya ng kambal. “So, you like her? Don’t say No, man... she’s hot. Even Ciara did a double take earlier,” naiiling na sabi ni

Dec.

Napabuga siya ng hangin. “Yeah, I like her. I’m not blind. She’s hot. She’s f*cking scorching tonight.”

“And you can’t even do anything about it,” sabay na sabi ng kambal na sinundan tawa.

Matalim na tiningnan niya ang mga ito. “F*ck off.”

Nakangising nag-peace sign lang ang mga ito bago siya iniwan para bumalik sa dance floor. Other friends came to hassle him about the exact same thing, and they all left thinking he’s a loser, probably. Halos hindi niya hinihiwalayan ng tingin si Nes, na halatang nag-e-enjoy kahit wala sinuman sa mga nagyaya ditong sumayaw ang nagawang mapapayag ito.

She was content talking, laughing, drinking or eating. Damn, those bastards were probably under her spell by now. Wala talaga sa apat ang umalis, at nang sandaling iwan ni Nes ang mga ito para pumunta sa ladies’ room, parang nanghina ang apat.

“Are you not going to ask her to dance?” usisa ng dating class president nila na si Kyla nang lumapit sa bar para kumuha ng inumin. “Ang dami nang nagyaya sa kasama mo pero puro bigo. Baka ikaw lang ang hinihintay.”

“I doubt it,” he smirked, “Nice party, by the way. Sarap ng food!”

“Thanks! And we raised our target, sobra pa,” proud na sabi ng babae. Bawat isa sa kanila kasi ay obligadong mag-pledge ng donasyon para sa isang project ng batch nila. This year, they would be sponsoring libraries in two rehabilitation centers in Bulacan.

“Ayos! Sabihin mo lang kung ano pa ang kailangan, I could help raise more funds.” He smiled.

Amused na minasdan siya ni Kyla. “Okay ka namang nilalang kapag ginusto mong magpakatino, Callix. I’m sure she,” sumulyap ito sa gawi ni Nes, “would’ve seen that already. Otherwise, wala siya dito ngayon.”

Nangunot ang noo ng binatang Sanvictores. “She’s here because she has to meet them. You know, the *eligibles*.” He gulped down a glass of water, as if that would drown the bitterness in his voice. *Sh*t.*

“Whatever, Callix,” nakangiti pero naiiling na sabi ni Kyla bago siya iniwan.

Tumingin siya sa oras. Eleven forty na. Nes was still having fun. He’s still a wallflower. And what the hell was she doing touching those bastards? One hand was in the shoulder of the guy on her left while

other held onto the arm of the one on her right. The other two looked ready to fall at her feet.

Huminga siya nang malalim, bago tumayo at lumapit sa grupong kanina pa niya binabantayan. Napatingin sa kanya si Nes, na natatawa sa kung anong sinabi ng isa sa apat.

He tried hard not to stare at her legs, ignored the fact that from how he placed his hand on her back earlier, he realized she was not wearing a bra. He inhaled through his nostrils before looking at each of the four guys, then at Nes.

“It’s late, Erning, time to go home.” Inalis niya ang kamay nito sa braso ng isang kaibigan niya at hinawakan iyon bago marahang hinila.

Nes stared at him. “It’s late? Really?” Then, she stepped closer and took his hand to look at the time. “Ooohh, late na nga! ‘Bye bye, mga guwapo!’ Kumaway ito sa mga maiwan na puro nalungkot. To his horror, Nes blew them a kiss.

Dumako na agad ang kamay niya sa likod ng babae saka iginiya ito palabas. He said quick goodbyes to each person they passed, until they were both out of the club and he now held Nes’ trench coat in one arm.

“I met four guys tonight and they all have my

number!” anunsyo ni Nes habang papunta sila sa sasakyan. “Dale, Jackson, Royce and Vino. Apat ‘yun, Callix! Masaya ka na?”

*Sh*t, she's tipsy!* Naiiling na pilit niyang isinuot dito ang coat pero nagpumiglas ang dalaga. Ito na ang humila ng pinto sa passenger side pabukas.

“Mainit kaya! ‘Yoko ng jacket!” deklara nito bago sumampa sa sasakyan na maayos naman nitong nagawa.

Isinara niya ang pinto niyon bago pumunta sa driver seat at pagtingin niya kay Nes, nakasandig na ang ulo nito sa bintana at nakapikit.

“Who knew you had a wild streak, Erning?” mahinang aniya habang maingat na inilalagay ang seatbelt dito. Nang mapansing medyo nanginig ito, ikinumot niya kay Nes ang trench jacket.

He started the engine, then, looked at her. He gently brushed a few stray hair from her face before briefly stroking her cheek. “Am I happy, Erning? Should I be?” mahina niyang tanong bago ibinaling ang atensyon sa pagmamaneho pauwi.



“Si Dale ‘yung isa sa top designers at engineers ng *Amiro Motors*, Lola. Si Jackson, isa sa mga investors ng *Mondragon Properties*. Si Royce, nakita mo siguro

sa TV ‘yun, *TOYM* awardee last year dahil sa social enterprise projects at advocacy niya. And si Vino, junior partner na sa *Guanzon and Associates*. Lahat sila, Lola, tulala kay Erning at parang naengkanto. Lupit ni Erning kagabi! Eh, may kanya-kanyang angas ang mga ‘yun pero behaved at tiklop sa kanya.”

Kanina pa gustong tusukin ng tinidor ni Nes si Callix na bumangka sa pagkukuwento tungkol sa nangyari nang nakaraang gabi. She really could not recall much. Sinadya niya kasing uminom para tamaan at magkalakas ng loob na magpakalukaret sa party. She hoped Callix would be embarrassed enough and drag her out of *Illuminate*, pero naupo lang ito sa bar at hinayaan siyang harapin ang mga kaibigan nito.

Those four guys he was talking about were all nice, in fairness, pero dahil may tama siya ay hindi na niya gaanong nakilatis ang personality ng bawat isa. Naaalala lang niyang lahat ay nagpa-schedule na to take her out. Iba-ibang klase pa ng event.

And she probably said Yes to all because she got texts from all of them this morning saying they were excited to see her again. *Sh*t!* Hindi na nga siya sigurado kung saan at kailan ba niya makikita ang mga iyon!

“Okay naman pala si Erning, Lola. Hindi na niya ako kailangan. Akala ko dati, may social anxiety kaya hindi lumalabas,” dagdag ni Callix.

Nasa *Carolina's* sila, ang restaurant sa resort na pag-aari ng mga Sanvictores. Doon sila dumirecho ni Lola Lina pagkatapos magsimba, at naghihintay na doon ang binata na nagpa-reserve ng mesa sa second floor veranda.

“Pero ikaw ang may koneksyon at nakakakilala sa mga iyon, KC,” sagot ni Lola Lina, na bumaling uli sa kanya. Kanina pa ito tingin nang tingin sa kanya gaya ng lalaki, at isinasali siya sa usapan pero pinili niyang manahimik at itutok ang atensyon sa pagkain. She knew the older woman wanted to hear her take on what happened last night but not with Callix around.

“Kaya lang, Lola, may konting roblema.” Si Callix pa rin, dahilan para bumalik dito ang atensyon ng matanda.

“Ha? Ano iyon?”

Ibinaba pa ng katapat niya ang mga kubyertos at sumeryoso ang mukha for effect. “Guapo silang lahat, Lola,” he solemnly said. “Hindi kasing-guapo ko but still, they’re nowhere near ordinary-looking or just presentable. I’m sorry, Lola.”

Ilang sandaling katahimikan ang namayani sa mesa bago niya narinig ang malakas na paghampas ng matanda sa braso ni Callix kasabay ng tawa nito.

“Luku-luko ka talaga! Hayaan mo nang pogibasta siguraduhin mo lang na matitino ang mga ‘yon!” naiiling na sambit ni Lola bago tumingin sa kanya. “Pasensya ka na, Ernestine, ha.”

Ngumiti siya. “Wala po ‘yon. Kukuwentuhan kita tungkol sa apat na ‘yon, promise. At kung talagang seryoso sila, I’ll make sure na pupunta sila dito para makilala mo.”

“Maganda ‘yan, Nes. Matingnan kung handa silang magsakripisyo ng ilang oras na biyahe para masiguro nating hindi papogi lang ‘yung mga sinabi sa ‘yo kagabi.”

Tumango si Nes. “Yes, Lola. Dahil ang tunay na matino, hindi nakukuntento sa isang gabi lang. Kapag gusto nila, gumagawa talaga ng paraan para patunayang seryoso silang kilalanin ka. Hindi lahat nagtatapos sa result na gusto natin pero at least, makikita natin kung talagang ready na sila na mag-commit kung sakali at hindi na naglalaro, di ba? I’m really not expecting much, but I’m giving it a try,” mahabang tugon niya bago sa wakas ay sinalubong ang tingin ni Callix at ngumiti. “Thank you, Callix.

I really appreciate what you did.”

Nangunot ang noo nito na parang may hindi nagustuhan sa sinabi niya. He also seemed taken aback and he was quiet for a few seconds before he spoke. “You’re welcome, Erning. Glad I could help,” mahinang saad ng lalaki. Hindi niya alam kung napansin ni Lola Lina pero parang may iritasyon doon.

Well, two could play whatever this silly game is, Callix.

Napunta na sa negosyo at sa expansion ng resort ang sumunod na usapan. Pagkatapos ng dessert ay nagpaalam na si Nes sa maglola dahil dadalaw pa siya sa mga kapatid at pamangkin. Pansamantalang nawala ang inis niya kay Callix at sa kanyang apat na potential suitors habang kasama ang mga kaanak. Ang mga ito rin ang kasama niyang naghahapunan sa isang fast food chain sa bayan.

Mag-a-alas nueve na nang makabalik siya sa bahay ng mga Sanvictores, pagod at ready nang matulog. Nagpakita muna siya kay Lola Lina sa den na kasama ng mga kasambahay na nanonood ng isang pelikula. Sandali siyang nakipagkuwentuhan sa mga ito, bago umakyat sa kuwarto niya.

Ilang hakbang pa siya sa pinto nang bumukas

ang katapat niyon. A shirtless-as-usual Callix stepped out, then sniffed the air around her. “Hmm, amoy *Chicken Joy!*” He grinned.

She smirked. “Actually, *Jolly Hotdog* ang kinain ko.” Ini-unlock niya ang pinto at itinulak iyon pabukas. Narinig niyang parang nasamid si Callix sa sagot niya.

“Favorite mo ang hotdog?” Lumapit ito, nangingislap ang mga mata.

Tumango siya. “Yep, especially the jumbo ones para isa lang, busog na ‘ko. I like them on bread, with cheese and coleslaw or mayonnaise. Ayoko ng ketchup sa hotdog. And oh, I like them firm and juicy.”

Oh, my god! Ano ba ang pinagsasabi niya? She knew exactly that Callix’s thoughts have gone somewhere dirty the minute she said ‘hotdog’ and yet, she just went on with her nonsense and now he was staring at her as if seeing her for the first time.

Kinagat ni Nes ang dila para hindi matawa sa kalokohan. Humakbang na siya papasok sa kuwarto. “Goodnight, hotdog... I mean, Callix.” Napaubo na siya sa pagpipigil ng tawa.

Agad na niyang isinara ang pinto at bahagya na lang narinig ang “Goodnight, Erning” ni Callix.

The next morning at breakfast, she wondered why he was grinning at her as she sat on her usual place by the table. Pagtingin sa nakahain ay muntik na siyang masamid. May malaking plato ng toasted hotdog buns, jumbo chicken franks, cheese na may katabing grater at isang container ng coleslaw doon, na mukhang bagong gawa.

“Si KC ang gumawa niyan,” imporma ni Ate Mona nang ilapag ang plato ng sinangag. “Namalengke nang maaga at binili ‘yang tinapay, pang-coleslaw at hotdog.”

“I got the jumbo ones, para kahit isa lang, busog ka na.” Callix speared one hotdog with a fork. “K’ain na, Erning.”